
IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES (IHSS) PAGTATALAGA NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN

Para sa Aplikante/Tagatanggap ng IHSS o Legal na Kinatawan,

Ang form na ito ang nagpapahintulot sa iyo, bilang aplikante/tagatanggap ng IHSS o kanilang legal na kinatawan, na pumili ng Pinahintulutang Kinatawan para sa programa ng IHSS. Ang Pinahintulutang Kinatawan ay responsable para sa pagkilos sa ngalan ng tagatanggap ng IHSS para sa layunin ng programa ng IHSS. Ang form na ito ay para **lamang** sa programa ng IHSS.

Kung pipili ka ng Pinahintulutang Kinatawan, narito ang ilang mahalagang impormasyon tungkol sa mga tuntunin sa programa ng IHSS:

- Kung ikaw ay isang legal na kinatawan para sa aplikante/tagatanggap, maaari kang magsilbi bilang Pinahintulutang Kinatawan para sa aplikante/tagatanggap nang hindi kinakailangang kumpletuhin ang form na ito. Gayunpaman, kailangang magsumite ng SOC 839A para sa isang legal na kinatawan para pahintulutan at lagdaan ang mga Timesheet o iba pang mga Dokumentong Nauugnay sa Tagabigay [Timesheets or other Provider-Related Documents (TPRD)]. Ang isang legal na kinatawan para sa mga layunin ng programa ng IHSS ay isang konserbador na iniutos ng korte ng isang nasa hustong gulang o isang magulang/tagapangalaga o legal na pinahintulutang tagapagpasiya ng isang menor de edad.
- Kung ang iyong Pinahintulutang Kinatawan ang mananagot sa paglagda sa TPRD, ikaw o ang iyong legal na kinatawan ay dapat magsumite ng form na SOC839A – *Designation of Signatory for Timesheets and Other Provider-Related Documents* upang italaga ang Pinahintulutang Kinatawan bilang tagapirma sa TPRD. Gayunpaman, kung ang iyong tagabigay ay iyong Pinahintulutang Kinatawan, hindi sila maaaring lumagda ng sarili nilang TPRD maliban na lang kung sila rin ang iyong legal na kinatawan.
- Ikaw o ang iyong legal na kinatawan ay maaaring pumili ng bago o magdagdag ng isang Pinahintulutang Kinatawan ng IHSS **sa anumang oras** sa pamamagitan ng pagkumpleto ng bagong SOC 839 at pagsusumite nito sa Tanggapan ng IHSS ng County.

- Ang iyong Pinahintulutang Kinatawan ay dapat na 18 taong gulang o mas matanda.
- Hindi mo maaaring italaga ang isang indibidwal, na hindi legal na kinatawan, bilang isang Pinahintulutang Kinatawan kung sila ay nahatulan o nakulong kasunod ng paghatol para sa ilang partikular na krimen sa loob ng nakalipas na 10 taon.

Mayroong dalawang kategorya ng mga krimen na hindi kasama:

- **Mga krimen sa Tier 1, tulad ng nakasaad sa Welfare and Institutions Code (WIC) seksyon 12305.81, kasama ang mga sumusunod:**
 1. Tinukoy na pang-aabuso sa isang bata (Penal Code [PC] seksyon 273a[a]);
 2. Pang-aabuso sa nakakatanda o umaasang matanda (PC seksyon 368); at
 3. Pandaraya laban sa isang programa ng pangangalaga sa kalusugan o mga serbisyong pantaguyod ng pamahalaan.
- **Mga krimen sa Tier 2, tulad ng nakasaad sa WIC section 12305.87, kasama ang mga sumusunod:**
 1. Isang marahas o seryosong krimen, na tinutukoy sa PC seksyon 667.5(c) at PC seksyon 1192.7(c);
 2. Isang mabigat na pagkakasala kung saan ang isang tao ay kinakailangang magparehistro bilang isang may salang-sekswal alinsunod sa PC seksyon 290(c); at
 3. Isang mabigat na pagkakasala na pandaraya laban sa isang programa ng pampublikong serbisyong panlipunan, gaya ng nasasaad sa WIC seksyon 10980(c)(2) at 10980(g)(2).

Ang kumpletong listahan ng mga krimen sa Tier 2 ay makukuha kapag hiniling mula sa Tanggapan ng IHSS ng County o IHSS Public Authority.

Ang form na ito ay hindi nagtatalaga ng isang pinahintulutang kinatawan para sa mga layunin ng administratibong pagdinig ng estado. Para sa higit pang impormasyon kung paano pumili ng pinahintulutang kinatawan upang kumatawan sa

iyong isang administratibong pagdinig ng estado, tawagan ang dibisyon ng mga pagdinig ng estado sa 800-952-5253.

- Maaaring gawin ng iyong Pinahintulutang Kinatawan ang lahat ng gawaing nakasaad sa form na ito. Gayunpaman, responsable ka pa rin sa pagbibigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon sa county para sa pagiging karapat-dapat sa programa.
- Ang pagpili ng Pinahintulutang Kinatawan ay hindi nagbubukod sa iyo mula sa pagiging aktibong kasangkot sa iyong sariling pangangalaga. **Ang mga kawani ng programang IHSS ng County ay kailangan pa ring makipagkita sa iyo, bilang aplikante/tagatanggap, nang personal upang magtanong ng mga katanungan na may kaugnayan sa iyong pangangalaga at mga serbisyo kahit na ang Pinahintulutang Kinatawan ay maaaring naroroon din.**

Mga Pananagutan ng isang Pinahintulutang Kinatawan

Sa pamamagitan ng pagpili ng isang Pinahintulutang Kinatawan, ikaw o ang iyong legal na kinatawan ay sumasang-ayon na ang iyong Pinahintulutang Kinatawan ay maaaring kumilos sa ngalan mo para sa programa ng IHSS. Ang Pinahintulutang Kinatawan na nakalista sa form na ito ay dapat na kumilos sa iyong pinakamahusay na interes. Ang iyong Pinahintulutang Kinatawan ay hindi maaaring kumilos sa ngalan mo maliban sa mga layunin ng programa ng IHSS at hindi maaaring palitan ang kanilang desisyon para sa iyo. Ang pagpili ng isang Pinahintulutang Kinatawan ay hindi nagbubukod sa iyo mula sa pagiging kasangkot sa pamamahala ng iyong sariling pangangalaga.

Sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito, ikaw o ang iyong legal na kinatawan at ang Pinahintulutang Kinatawan ay sumasang-ayon na ang Pinahintulutang Kinatawan ay gagawa ng ilan o lahat ng mga sumusunod na tungkulin:

- Pagtatakda ng mga panayam at pagpupulong sa mga kawani ng programa ng IHSS ng county.
- Pagkumpleto at pagsusumite ng mga form ng aplikasyon para sa programa ng IHSS.
- Pagkumpleto at pagsusumite ang anumang karagdagang mga form at/o pagbibigay ng anumang kinakailangang mga tala o impormasyon para sa pagiging karapat-dapat sa programa ng IHSS.

- Pag-uulat sa loob ng 10 araw sa programa ng IHSS ng county ng anumang mga pagbabago tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat, tulad ng komposisyon ng sambahayan, tirahan, o numero ng telepono, o anumang oras na ikaw ay wala sa tahanan.
- Pagkuha ng impormasyon mula sa programa ng IHSS ng county tungkol sa katayuan ng iyong aplikasyon at/o patuloy na pagiging karapat-dapat, kabilang ang mga pinahintulutang serbisyo at oras.
- Pag-hire at pagpapaalis ng (mga) tagabigay ng IHSS at pag-uulat ng impormasyong ito sa tanggapan ng IHSS ng county o Public Authority.
- Pagpapaalam sa iyong (mga) tagabigay kung paano magbigay ng mga serbisyo sa iyo para sa programa ng IHSS.
- Pagsusuri sa iyong file ng kaso ng IHSS.

Ikaw at/o ang iyong legal na kinatawan ang magpapasiya kung ano ang gagawin at hindi gagawin ng Pinahintulutang Kinatawan at may pananagutan na ipaalam ang mga responsabilidad na iyon sa Pinahintulutang Kinatawan.

Upang magtalaga ng Pinahintulutang Kinatawan, kumpletuhin ang form na ito at isumite sa Tanggapan ng IHSS ng County. Ikaw at ang Pinahintulutang Kinatawan na nakalista sa form na ito ay kailangang lagdaan ang Bahagi B. Ang form ay hindi maaaring iproseso kung may nawawalang impormasyon.

BAHAGI A. PAGTATALAGA NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN

Pangalan ng Aplikante/Tagatanggap	Numero ng Kaso ng IHSS	Petsa
--	-------------------------------	--------------

Sino ang kumukumpleto ng form na ito:

- Ako ang nasa itaas na pinangalanang Aplikante/Tagatanggap ng IHSS.
- Ako ang Legal na Kinatawan ng Aplikante/Tagatanggap. Mangyaring italaga ang iyong relasyon bilang isa sa mga sumusunod:
- Konserbator (ng isang nasa hustong gulang)
- Magulang/Tagapangalaga/Legal na pinahintulutang tagapagpasiya (para sa menor de edad na bata)

Bilang aplikante/tagatanggap ng mga serbisyo ng IHSS, o ng kanilang legal na kinatawan, binibigyan ko ng pahintulot ang taong nakalista sa ibaba na kumilos bilang Pinahintulutang Kinatawan para sa Programa ng IHSS.

Nauunawaan ko na ang pinangalanang indibidwal sa ibaba ay hindi maaaring maging isang Pinahintulutang Kinatawan para sa programa ng IHSS kung sila ay nahatulan ng isang hindi kasamang krimen sa nakalipas na 10 taon.

Mangyaring ibigay ang sumusunod na impormasyon tungkol sa indibidwal na itinalaga bilang Pinahintulutang Kinatawan:

Pangalan ng Pinahintulutang Kinatawan		
Kalye		
Lungsod	Estado	Zip Code
Email Address		Numero ng Telepono
Wikang Sinasalita		

BAHAGI B. PAGKIKILALA NG APLIKANTE/TAGATANGGAP

Nauunawaan ko at sumasang-ayon na sundin ang lahat ng mga tuntunin at kondisyon sa form na ito. Kinikilala ko na ang impormasyong ibinigay sa form na ito ay totoo at tama.

Lagda ng Aplikante/Tagatanggap o Legal na Kinatawan	Petsa
Nakalimbag na Pangalan ng Aplikante/Tagatanggap o Legal na Kinatawan	
Lagda ng Itinalagang Pinahintulutang Kinatawan	Petsa

Ang lagda ng saksi o notary public ay kinakailangan kung ang aplikante/tagatanggap ay hindi pisikal na makapirma sa form at sa mga lugar na nilagyan ng marka sa seksyon ng lagda. *Ang itinalagang Pinahintulutang Kinatawan ay hindi maaaring magsilbing saksi.*

Pangalan ng Saksi /Notary Public	
Lagda ng Saksi /Notary Public	Petsa